



PROGRAMANG PAGBUBUKOD SA BAHAY (H.I.P.)

(HOME ISOLATION PROGRAM)

Ano ang layunin ng Programang Pagbubukod sa Bahay?

Ang programang ito ay nagpapahintulot sa iyo na manatili sa iyong bahay sa halip na magpaospital habang ikaw ay maaaring makahawa. Ito ay nakakatulong na bawasan ang panganib na mahawa ng TB ang ibang mga tao.

Ano ang mga benepisyo ng programa?

- Hinahayaan kang manatili sa kaginhawahan ng iyong bahay.
- Hinahayaan kang manatili sa bahay kasama ng iyong pamilya.
- Maaari mong gawin ang lahat ng pangkaraniwan mong ginagawa sa bahay.

Ano ang mga tagabulin habang ikaw ay maaaring makahawa?

- Sabihin sa iyong nars o tagapag-ugnay ng pagbubukod sa bahay kung mayroong mga bagong taong maaaring mangailangang pumasok sa iyong bahay.
- Sabihin sa iyong nars o tagapag-ugnay ng pagbubukod sa bahay ang anumang nakatakdang pagpapatingin sa doktor o pagpapasuri sa klinika, upang matiyak namin na alam ng ibang mga tao ang iyong kalagayan.
- *Maaga pa ay pasabihan na ang iyong nars o tagapag-ugnay ng paghihiwalay sa bahay kung balak mong lumabas ng bahay para sa anumang dahilan (maliban kung may kagipitang naglalagay ng buhay sa panganib).*

Kailan ka pahihintulutang lumabas sa Programang Pagbubukod sa Bahay?

Pangkaraniwan, kung sa tatlong magkakahiwalay na araw ay negatibo ang resulta ng pagsusuri sa iyong plema, at kung binigyan ka ng pahintulot ng iyong doktor at ng Kagawaran ng Kalusugan, ikaw ay pahuhintulutan nang bumalik sa mga normal mong gawain at makakaalis ka ng bahay hangang sa iyong nais.

Kung may mga katanungan ka tungkol sa programang ito, mangyaring tawagan ang iyong Tagapag-ugnay ng Paghihiwalay sa Bahay o Nars ng Pamublikong Kalusugan.

Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal.

Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal.

Upang malaman kung nararapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na "collect."